Tanggapan ng Tsanselor ng Kolehiyo sa Komunidad ng California (CCCCO) Pagpapayong Legal Impormasyon ukol sa Pagpapatupad ng Imigrasyon

Nohel Corral, Tagapagpaganap na Pangalawang Pangulo, Mga Serbisyong Pang-estudyante

Lee Douglas, Pangalawang Pangulo, Mga Usaping Akademiko

Loy Nashua, Pangalawang Pangulo, Yamang-tao

Misyon at Pagpapahalaga

LONG BEACH CITY COLLEGE

Misyon

Ang Long Beach City College (LBCC, Kolehiyo sa Lungsod ng Long Beach) ay nangangakong tumulong sa ating mga estudyante upang aktibo at etikal silang makalahok sa kanilang pag-aaral, pati na rin sa demokratikong sistemang nagbibigay sa kanila ng tinig at kakayahan upang maitaguyod ang kanilang lipunan at mundo. Sa isang kapaligirang mapagmalasakit, mapagsuporta, at ingklusibo, isinusulong ng LBCC ang patas na pag-aaral at pagtatagumpay sa larangan ng edukasyon sa pamamagitan ng paghahatid ng mga makabago at dekalidad na degree program, certificate program, pangkalahatang serbisyong pansuporta, at paghahanda para sa dekalibreng lakas-paggawa para sa ating malalawak na komunidad.

Pagpapahalaga

Ang Long Beach City College ay lumilikha ng kapasidad, nagtatatag ng komunidad, at nagpapasiklab ng pagbabago bilang pagsuporta laban sa rasismo at para sa ingklusyon upang tiyaking nabibigyang-inspirasyon at naihahanda ng mga programa at serbisyo ang mga mag-aaral sa kanilang pagtatagumpay bilang mga mamamayan sa isang malawak na demokrasya at sa pagkamit nila sa kanilang mga layuning intelektuwal, pinansiyal, at personal. Nagtataguyod tayo ng isang komunidad na tinatanggap nang buong-buo ang mga indibidwal na may iba't ibang pinagmulan, kultura, lahi, pagkakakilanlan, karanasan sa buhay, pananaw, paniniwala, kakayahan, at bagay na pinahahalagahan.

Pagpapayong Legal 11/15/24

Nananatiling Hurisdiksiyon ng Santuwaryo ang California at ang mga Kolehiyo sa Komunidad nito

Link:

Pagpapayong Legal

Kapag may bagong update, agad itong ibibigay

Tinutukoy sa Liham ng Pagpapayo ang Assembly Bill 21

Pinagbabawalan ang mga pang-estado at lokal na ahensiya na gumamit ng mga resource upang ipagpatuloy ang ilang partikular na isinasagawang pagpapatupad ng imigrasyon ng pamahalaang pederal.

- **Inoobliga ang mga distrito ng kolehiyo sa komunidad** na pigilan ang mga estudyante, kawani, at pakultad na makibahagi sa isinasagawang pagpapatupad ng imigrasyon ng pamahalaang pederal maliban kung iniaatas ito ayon sa pang-estado o pederal na batas.

Ipinapataw ang mga sumusunod na obligasyon sa ilalim ng AB21:

1. Pagprotekta sa personal na impormasyon

A. Ang mga distrito ng kolehiyo ay hindi dapat magsiwalat ng personal na impormasyon tungkol sa mga estudyante, pakultad, at kawani.

1) Limang eksepsiyon:

a) Kapag may wastong pahintulot,

b) Kapag pinahihintulutan ang pagsisiwalat ayon sa mga pang-estado at pederal na batas sa privacy,

c) Kapag kinakailangan upang maipatupad ang programa kung para saan kinuha ang impormasyon,

d) Kapag nasa isang direktoryong walang nakalagay na address ng tirahan o iskedyul ng kurso ng mga indibidwal na tao at hindi ito pinatanggal ng taong iyon sa direktoryo,

e) o bilang pagtugon sa isang hudisyal na warrant, utos ng hukuman, o subpoena.

2. Pag-abiso ukol sa Isinasagawang Pagpapatupad ng Imigrasyon

A. Dapat payuhan ng mga distrito ng kolehiyo ang lahat ng estudyante, pakultad, at kawani na agad silang mag-abiso sa tanggapan ng pangulo ng kolehiyo kung inaasahang dumating, darating, o dumating na sa kampus ang isang opisyal ng imigrasyon upang ipatupad ang pederal na kautusan sa imigrasyon.

- Tanggapan ng Superintendente/Pangulo; lzale@lbcc.edu

3. Pagbibigay-alam sa Pang-emergency na Kontak

A. Kung may dahilan upang maghinala na ang isang estudyante, pakultad, o kawani ay dinakip alinsunod sa isinasagawang pagpapatupad ng imigrasyon, agad itong ipagbibigay-alam ng distrito ng kolehiyo sa pang-emergency na kontak ng nasabing tao. Kanino mag-uulat:

- Mga Estudyante - Deborah Miller-Calvert, Dekano ng mga Usaping Pang-estudyante; dmiller-calvert@lbcc.edu
- Mga Empleyado - Rick von Kolen, AVPHR; rvonkolen@lbcc.edu

4. Pagsunod sa mga Hudisyal na Warrant at Subpoena

A. Ang isang opisyal ng imigrasyon ay maaari lang bigyan ng akses sa mga lugar ng kampus na hindi pampubliko kung magpapakita siya ng isang hudisyal na warrant.

(Halimbawa ng mga lugar na hindi pampubliko: sa mga counter, tanggapan, silid-aralan, laboratoryo, na ilan lang sa marami)

B. Ang subdibisyong ito ay hindi ipapataw sa mga gawaing walang kinalaman sa isinasagawang pagpapatupad, kasama na rito ang paghiling ng opisyal ng imigrasyon ng akses o impormasyong may kinalaman sa pagpapatakbo ng mga programa para sa mga estudyante, kawani, o pakultad mula sa ibang bansa, o pagbeberipika ng trabaho.

(Halimbawa, may partikular na warrant/subpoena pero naglalakad-lakad ang tagapagpatupad ng imigrasyon habang nanghihingi ng impormasyong wala naman sa warrant/subpoena).

5. Pagtugon sa Pagpapatupad ng Imigrasyon sa Kampus

A. Nag-iisang Punto ng Pakikipag-ugnayan

1) Ang mga distrito ng kolehiyo ay magtatalaga ng isang kawani na magsisilbi bilang punto ng pakikipag-ugnayan para sa sinumang estudyante, pakultad, o kawani na puwedeng sumailalim sa kautusan o pagtatanong kaugnay ng imigrasyon sa kampus, makipag-ugnayan sa Risk Management (Pangangasiwa ng Peligro); djefferson@lbcc.edu

2) Pagbabawalan ang mga pakultad at kawani na talakayin ang kanilang personal na impormasyon, kasama na rito ang impormasyon tungkol sa katayuan sa imigrasyon, ng sinumang estudyante, pakultad, o kawani sa kaninuman, maliban kung pinahihintulutan itong isiwalat ayon sa pang-estado at pederal na batas sa privacy.

5. Pagtugon sa Pagpapatupad ng Imigrasyon sa Kampus (pagpapatuloy)

B. Mga Serbisyong Legal

1) Ang mga distrito ng kolehiyo ay magpapanatili at magbibigay sa mga mag-aaral ng isang listahan ng kontak para sa mga tagapagbigay ng serbisyong legal kung hihilingin nila at nang walang bayad, link: https://www.cccco.edu/Students/Support-Services/Special-population/Undocumented-Students/Legal-Services

B. Modelong Polisiya ng Tanggapan ng Punong Abogado

1) Dapat pagtibayin at ipatupad ng mga distrito ng kolehiyo ang modelong polisiyang binuo ng Tanggapan ng Punong Abogado (AG) o isang katumbas na polisiyang naglilimita sa pagtulong sa tagapagpatupad ng imigrasyon hangga't maaari alinsunod sa pederal at pang-estadong batas.

Halimbawa, hindi tutulungan ng alagad ng batas (LBPD) ang tagapagpatupad ng imigrasyon ayon sa nakabalangkas sa modelong polisiya ng AG, maliban sa mga partikular na espesyal na sitwasyon.

5. Pagtugon sa Pagpapatupad ng Imigrasyon sa Kampus (pagpapatuloy)

A. Mga Mapagkukunan ng Tulong sa Internet

1) Dapat ipakita nang mabuti ng mga distrito ng paaralan sa kanilang mga internet site ang kasalukuyang impormasyon, kasama na rito ang modelong polisiya ng Punong Abogado at mahahalagang patnubay, hinggil sa kanilang mga karapatan sa ilalim ng mga pang-estado at pederal na batas sa imigrasyon.

Link:

https://oag.ca.gov/sites/all/files/agweb/pdfs/immigration/higher-education-guidance.pdf

5. Pagtugon sa Pagpapatupad ng Imigrasyon sa Kampus (pagpapatuloy)

A. Ipawalang-sala ang mga Estudyanteng Hindi Dokumentado

1) Kung ang isang hindi dokumentadong estudyante ay madetene, madeport, o hindi makatapos sa mga kinakailangan sa akademiko bilang estudyante, isasagawa ng distrito ng paaralan ang lahat ng makatwirang pagsisikap upang matulungan ang mag-aaral na mapanatili ang kaniyang kalipikasyon para sa tulong pinansiyal, sustento mula sa fellowship, eksempsiyon mula sa bayarin sa tuition para sa hindi residente, pagpopondo para sa pananaliksik o iba pang proyektong pang-edukasyon, sustento o serbisyo para sa pabahay, o iba pang benepisyong iginagawad sa kaniya o natatanggap niya, at pahihintulutan nito ang estudyante na muling magpatala kung at kapag makababalik na ang estudyante sa kolehiyo.

   Makipag-ugnayan sa: Dekano ng mga Usaping Pang-estudyante; dmiller-calvert@lbcc.edu

2) Handa dapat ang mga kawani na tumulong sa mga estudyanteng hindi dokumentado, at iba pang mga mag-aaral, pakultad, at kawani na nanganganib ang pag-aaral o pagtatrabaho dahil sa mga isinasagawa ng pamahalaang pederal kaugnay ng imigrasyon.

   Kontak ng estudyante: Dekano ng mga Usaping Pang-estudyante; dmiller-calvert@lbcc.edu

   Kontak ng empleyado: Yamang-tao; rvonkolen@lbcc.edu

Mga Mapagkukunan ng Tulong

- **Isang sentralisadong webpage na may mga mapagkukunan ng tulong kaugnay ng pagpapatupad sa imigrasyon: Iaanunsiyo pa lang (TBA)**
- **Link sa DREAM Services (screenshot ng pahina sa susunod na slide):** https://www.lbcc.edu/dream-services
- **Link sa UndocU Campus Guide (screenshot ng pahina sa susunod na slide):** https://lbcc.instructure.com/courses/38681
- **Link sa Community College Immigration Legal Services (CCCCO):** https://www.cccco.edu/Students/Support-Services/Special-population/Undocumented-Students/Legal-Services
- **Link sa Show your Allyship:** https://lbcc.instructure.com/courses/38681/pages/show-your-allyship

- **CHIRLA – Kapanig sa mga Serbisyong Legal**



Pahina ng Dream Services at UndocU Campus Guide (mga screenshot)

LONG BEACH CITY COLLEGE

DREAM Services

Long Beach City College is proud to take a stand and support our undocumented students. DREAM Services is dedicated to serving the AB540 and undocumented student population through advocacy, guidance, and support. The programs and services are designed for students to achieve academic, personal, and professional excellence at Long Beach City College.

At its core DREAM Services support and promote a safe space for undocumented students. Our primary focus is to serve, support, and advocate for the academic, professional and personal development and success of all undocumented students at Long Beach City College.

We also hope to educate our campus community about immigration issues through forums, workshops, and community resources available to undocumented students.

Prospective Students
Resources for new students
Read more »

Current Students
Resources for enrolled students
Read more »

LAC, Welcome Center, A-100 | TTC, AA Bldg.

DREAM Services

(562) 938-4151
Send email

Social media

Hours

Mon	8:00 AM - 5:00 PM
Tue	**8:00 AM - 5:00 PM**
Wed	8:00 AM - 5:00 PM
Thu	8:00 AM - 5:00 PM
Fri	8:00 AM - 12:00 PM
Sat	Closed
Sun	Closed

California Dream Act

New Student Checklist

DREAM Services
Student Referral Form

UndocU Campus Guide

Spring 2025 LBCC is proud to support undocumented students

LBCC values its diverse student population and is committed to providing students with high-quality support services. DREAM Services provides support, guidance, and encouragement to excel. Your success is important to us, and we are glad you are here.

New Student Checklist | Meet with a Counselor | Post Election Support

Spring 2025 Workshops

Academic Support | Wellness | Staff & Faculty

Salamat

Tanungan (Q & A)